*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# LITURGY OF THE HOURS

## PANALANGIN SA UMAGA

Ika-27 ng Enero, 2026

{ Ika-3 Martes sa Karaniwang Panahon }

LITURGY OF THE HOURS EBREVIARY

# *Paanyaya sa Panalangin*

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus sa mga labi*

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.

— At pupurihin ka ng aking bibig.

*Salmo 95*

*Ang Panawagan upang papurihan ang Diyos*

Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya aawitan,
Ating paputihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang

Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila ng nakinabang.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi,"Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinusuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

— Halina't sambahin ang makapangyarihang Hari at Panginoon natin.

## *Panalangin sa Umaga*

### Awit

Magalak, sambahayan, dahil sa pagpapala
Sa liwanag na bigay, ang Diyos ang may gawa.
Mula sa kadiliman, Maykapal ay nagwika,
Nagkaroon ng anyo ang noo'y walang-wala.

Kung pagbabalikan lang ang iyong nakaraan,
Na dati-rati'y lugmok, dulot ng kasalanan,
Panginoo'y naawa, dumating din ang buhay;
Nagliwanag ang lahat, kaligtasa'y dumatal.

Kadakilaan niya ay iyong isapuso,
Ang PANGINOONG Diyos, hindi sa 'yo lalayo;
Sa araw man o gabi, matapat sa pangako;
Ang D'yos ay laging Diyos, kahit mundo'y maglaho.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Panginoon, pinaunlad mo ang iyong lupain; pinatawad mo ang kasalanan ng iyong bayan.

*Salmo 85*

*(Nalalapit na ang ating kaligtasan)*

Ikaw, O PANGINOON, naging mapagbigay sa iyong lupain,
Pinasagana mo't muling pinaunlad ang bansang Israel.
Yaong kasamaan ng mga anak mo'y nilimot mong tunay,
Pinatawad sila sa nagawa nilang mga kasalanan.
Ang taglay mong poot sa ginawa nila'y iyo nang inalis,
Tinalikdan mo na at iyong nilimot ang matinding galit.

Kaya naman, PANGINOON, ibalik mo sana ang iyong paglingap,
Ang pagkamuhi mong aming nadarama'y limutin nang ganap.
Ang pagkagalit mo at poot sa ami'y wala na bang hanggan?
Di na ba lulubag, di na matatapos ang galit mong iyan?

Ibangon mo kami, sana'y ibalik mo ang nawalang lakas,
At kaming lingkod mo ay pupurihin ka na taglay ang galak.
Kaya ngayon, PANGINOON, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.
Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

Aking naririnig magmula sa PANGINOON ang sinasalita;
Sinasabi niyang ang mga lingkod n'ya'y magiging payapa,
Kung mangagsisisi at di na babalik sa gawang masama.
Ang nagpaparangal sa pangalan niya'y kanyang ililigtas,
Sa ating lupain ay mananatili ang kanyang paglingap.

Ang pagtatapatan at pag-iibiga'y magdadaup-palad,
Ang kapayapaan at ang katuwira'y magsasamang ganap.
Sa balat ng lupa'y pawang maghahari yaong pagtatapat,
At ang katarungan nama'y maghahari mula sa itaas.

Gagawing maunlad ng Diyos na ang PANGINOON itong ating buhay,

Ang mga halaman sa ating lupai'y bubungang mainam;
Sa harapan niya yaong maghahari'y pawang katarungan,
Magiging payapa't susunod ang madla sa kanyang daan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, pinaunlad mo ang iyong lupain; pinatawad mo ang kasalanan ng iyong bayan.

*Antipona 2*

Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa at sa umaga'y inaasam ang iyong pagdating.

*Awit: Isaias 26:1b-4, 7-9, 12*

*(Awit matapos ang pagkatalo ng kalaban)*

Matatag ang ating lungsod,
Hindi tayo maaano, matibay na muog.
Bayaang bukas ang mga pintuan,
Upang makapasok ang bayang matapat.

Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan
Ang mga taong matapat na tumatalima
At nagtitiwala sa iyo.
Magtiwala kayong lagi sa PANGINOON,
Pagkat siya ang kublihang walang hanggan.

Pinapatnubayan mo ang mga taong matuwid,
At pinapatag mo ang kanyang landas.
PANGINOON, sinusunod ka namin at inaasahan,
Ikaw lamang ang lahat sa aming buhay.

Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa.
Kapag ang batas mo'y umiral sa daigdig,
Ang lahat ng tao'y mamumuhay nang matuwid.

Ikaw ang nagbibigay sa amin ng kasaganaan,
At anumang magawa nami'y dahil sa iyong pagpapala.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pagsapit ng gabi'y hinahanap-hanap ka ng aking kaluluwa at sa umaga'y inaasam ang iyong pagdating.

*Antipona 3*

Panginoon, ang ningning nawa ng iyong mukha ang magbigay-liwanag sa amin.

*Salmo 67*

*(Ang mga tao sa lahat ng bansa ay sasamba sa Panginoon)*

O Diyos, pagpalain kami't kahabagan,
Kami Panginoo'y iyong kaawaan,
Upang sa daigdig mabatid ng lahat
Ang iyong kalooban at ang pagliligtas.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

Nawa'y purihin ka ng mga nilikha,
Pagkat matuwid kang humatol sa madla;
Ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

Nag-aning mabuti ang mga lupain,
Pinagpala kami ng PANGINOON, Diyos namin!
Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala,
Nawa'y igalang ka ng lahat ng bansa.

Purihin ka nawa ng lahat ng tao,
Purihin ka nila sa lahat ng dako.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, ang ningning nawa ng iyong mukha ang magbigay-liwanag sa amin.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Juan 4:12-15*

Walang taong nakakita sa Diyos kailanman, ngunit kung tayo'y nag-iibigan, nasa atin siya at nagiging ganap sa atin ang kanyang pag-ibig.

Nalalaman nating nananatili tayo sa Diyos at siya naman sa atin, sapagkat pinagkalooban niya tayo ng kanyang Espiritu. Nakita namin at pinatototohanang sinugo ng Ama ang kanyang Anak bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang nagpapahayag na si Hesus ang Anak ng Diyos ay nananatili sa Diyos, at ang Diyos nama'y nananatili sa kanya.

*Tugunan*

Kasama ko ang Diyos nasa kanya ang aking tiwala.

— Kasama ko ang Diyos nasa kanya ang aking tiwala.

Sa kanya ako nakatatagpo ng kanlungan, at ako'y tunay na malaya,

— nasa kanya ang aking tiwala.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Kasama ko ang Diyos nasa kanya ang aking tiwala.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Zacarias

*Antipona*

Nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas gaya ng ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

*Lukas 1:68-79*

*Gumawa tanda ng krus*

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,

Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas gaya ng ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

## Pangkalahatang Panalangin

Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng iyong dugo, tinubos mo para sa iyo ang isang bagong bayan. Nagpupuri kami sa iyo at dumadalangin:

— Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

Aming Hari at Manunubos, dinggin ang papuri ng iyong

Simbahan sa pagsisimula nitong araw,
turuan mo kaming magpuri sa iyong kamahalan nang walang katapusan.

— Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

Ikaw ang aming pag-asa at lakas, kaya sa iyo kami'y nagtitiwala,
huwag tulutang mawalan kami ng pag-asa.

— Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

Tunghayan nang may habag ang aming kahinaan at magmadali sa iyong pagdamay,
pagkat kung wala ka'y wala kaming magagawang anuman.

— Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

Alalahanin ang mga dukha at maysakit, at huwag hayaang ang araw na ito'y maging isang pasaning mabigat,
bagkus maging isang kaluguran at galak.

— Alalahanin mo ang iyong bayan, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
nasa iyo ang ganda ng buong sangnilikha,
at ang kabutihang tinatamasa nami'y

sa ’yo lahat nagmula.
Tulungan kaming masimulan ang araw na ito
nang may galak sa ngalan mo
at gamitin ito sa paglilingkod sa iyo
at sa aming kapwa-tao,
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*